
THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 11 Jan. 23, 2023 - Jan. 29, 2023


WHAT'S INSIDE?


3 IMPLEMENTASYON NG UHC PROGRAM, ITINALAKAY


# SOCIAL PENSION PAYOUT NG SENIOR CITIZEN, SINIMULAN NA NG PAMAHALAANG LUNGSOD





SINIMULAN ng Pamahalaang Lungsod, sa pamamagitan ng City Social Welfare and Development na pinamumunuan ni Ms. Juvy Bahia, ang pamamahagi na social pension para sa mga senior citizens noong ika-23 ng Enero.

Noong araw na iyon ay unang nabigyan ang nasa mahigit 700 senior citizens na naninirahan sa Barangay Gutad, Navotas, Nag-Iba I, Nag-Iba II, Sta. Cruz, Buhuan, San Vicente, SMV, at Camilmil.

Ayon sa Department of Social Welfare and Development, hindi agad naibaba ang pondo sa lokal na pamahalaan ng Calapan dahil sa kawalan ng disbursing officer.

Kaya nang maibaba ito ng DSWD, naidownload naman agad ng CSWD ang pondo noong ika-29 ng Disyembre 2022 na sumailalim pa rin sa ilang mga proseso.

Puspusan ang pagtatrabaho ng mga kawani ng Pamahalaang Lungsod at ng city social workers para mapabilis ang proseso ng payout; sa katunayan, hinati sa 10 klasters ang mga barangay at kada klaster ay binubuo ng anim hanggang pitong barangay.

Dalawang klaster din ang nakaschedule kada araw kaya naman nasa mahigit sampung barangay agad ang napupuntahan ng CSWD.

Nagpapatuloy ang payout noong mga sumunod na petsa: Enero 24, 27, at 30, at sa Pebrero 6 hanggang 7.

Katuwang ng CSWD ang Office of the Senior Citizens' Affairs na pinamumunuan ni Ms. Julita V. Mercene at ang mga miyembro ng Sangguniang Barangay sa pamumuno ng kanilang mga kapitan (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

## Mga Opisyal ng HPG, Nag-courtesy Call Kay Governor Bonz Dolor



NAG-COURTESY CALL kay Governor Humerlito *"Bonz"* Dolor si PBGEN Clifford B. Gairanod, Director ng Highway Patrol Group (HPG) kasama ang kanyang maybahay na si G. Cherrylyn Santos, dating 3-term Mayor ng Isabela, Basilan, PCOL Joe Wilson J. Denamarca, Regional Chief ng Regional HPG 4B at iba pang opisyal ng HPG at PNP sa State Room ng Office of the Governor noong Enero 24.

Nagpasalamat si Gen. Gairanod kay Gob. Bonz sa buo nitong suporta sa mga pagpupunyagi ng HPG sa Oriental Mindoro upang mapanatili ang kaayusan sa mga lansangan.

Sa kanyang bahagi, ipinaabot ng Gobernador ang hangarin ng Pamahalaang Panlalawigan na makipagtulungan sa HPG upang mabigyan ng training/refresher course ang mga traffic management officer, mga barangay tanod, maging mga tricycle driver at iba pang indibidwal at organisasyon na may kaugnayan sa pagsasaayos ng trapiko pati na ang pagsunod sa mga batas trapiko at pangangalaga sa mga motorista sa lalawigan.

Positibo naman ang naging tugon dito ni Gen. Gairanod at makakaasa ang Oriental Mindoro na nagpapatuloy ang paggampan ng HPG ng kanilang tungkulin bilang "guardians of the highways" alinsunod na rin sa tagubilin ng Chief PNP na Malasakit, Kaayusan at Kapayapaan tungo sa Kaunlaran (MKK=K) framework. (PIO Calapan)



THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS
PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM





TINGAN: Umabot sa 1,260 ang napagkaloo-ban ng food packs sa mga barangay ng Moto-derazo, Santiago at San Agustin II na naapektuhan ng pagbaha sa bayan ng Naujan sa pagpapatuloy ng relief distribution ng Pamahalaang Panlalawigan ngayong araw, Enero 23. Pinangunahan ni Governor Humerlito "Bonz" A. Dolor ang naturang pamamahagi katuwang ang kaniyang maybahay Hiyas Govinda Ramos Dolor, Vice Governor Ejay Falcon at ilang mga kasapi ng Sangguniang Panlalawigan.

Sa kanyang mensahe, ipinahayag ng Gobernador ang pagpapatupad sa malapit na hinaharap ng mga nakaplanong programa kontra baha ng kaniyang pamunuan. Ilan lamang sa mga ito ang pagbili ng mga makinarya tulad ng long arm backhoe na magagamit sa pagpapalalim ng mga ilog. Ayon pa sa kanya, sisimulan na ang pagpapalalim ng mga bukana ng ilog upang maibsan ang nararanasang pagbaha sa mga apektadong lugar.

Nakiisa rin sa naturang gawain na pinangasiwaan ng PDRRMO at PSWDO sina Naujan Municipal Administrator Arwin Gayutin, kinatawan ni Mayor Henry Joel C. Teves at mga kasapi ng Sangguniang Bayan. (PIO Calapan)





TINGNAN: Nasa 260 mga apektadong pamilya ang tumanggap din ng maagap na ayuda sa Brgy. Campamento sa Pola noong Enero 29.

Ito ay isa lamang sa mababababang barangay na malapit sa ilog sa naturang bayan.


Sinuong ng grupo ng Pamahalaang Panlalawigan ang baha sa umapaw na tubig mula sa ilog kung saan umapaw na ito sa kalsada na nag-uugnay sa naturang barangay. Hindi naman ito naging hadlang upang ng personal na ihatid ng Ama ng Lalawigan, Gov. Bonz Dolor kasama si Vice- Gov Ejay Falcon, BM Alely Casubuan, LGU Pola sa pangunguna ni VM Marvin Rivera at iba pang bumubuo sa kanilang grupo na maagap na naghatid ng ayuda para sa mga apektadong pamilya. (PIO Calapan)

Juana's DINER
Steak • Bulaluhan • Tapsi athp.
BONIFACIO STREET, BARANGGAY ILAYA, CALAPAN CITY, ORIENTAL MINDORO
(043) 398 1388



# IMPLEMENTASYON NG UHC PROGRAM, ITINALAKAY

SA LAYUNING MAISAKATUPARAN ang pagkakaloob ng mga benepisyong nakapaloob sa Universal Health Care (UHC) ng pamahalaan, matagumpay na naisagawa ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Provincial Health Office (PHO) ang oryentasyon hinggil sa nararapat na paghahanda sa gagawing implementasyon ng programa sa lalawigan na ginanap sa Filipiniana Hotel and Convention Center noong Enero 26.



Katuwang ang health sectors ng lalawigan, nagsanib pwersa ang ehukutibo at lehislatibong sangay ng Pamahalaang Panlalawigan na pinamumunuan nina Governor Humerlito Bonz Dolor at Sangguniang Panlalawigan Presiding Officer at Vice-Governor Ejay Falcon upang pangunahan ang naturang gawain.

Ang UHC ay isang malawakang reporma sa sektor ng kalusugan na layuning mabigyan ng karapatang makuha ng lahat ng Filipino ang de-kalidad at abot-kayang serbisyong pangkalusugan nang pamahalaan nang walang dapat ipangamba sa gastusin.

Naging kaagapay naman ng dalawang pinakamataas na lider ng Oriental Mindoro sina Sangguniang Panlalawigan Board Members Atty. Jomarc Dimapilis, Atty. Roland Ruga, BM Alely Casubuan, BM Edil Ilano, BM Juday Servando, IPMR BM Ahop Agate at SKFP BM Joeniña Thalia Aguilon, Mansalay Mayor Ferdinand Maliwanag, Bulalacao Mayor Ernilo Villas, Calapan City Mayor Malou Morillo at Bongabong Vice-Mayor Richard Candelario.

Sa hanay ng sektor ng kalusugan na siyang patuloy na nangunguna sa pagsusulong ng programa na magkatuwang na pinangungunahan ng pwersa ng Provincial Health Office (PHO) sa pamumuno ni PHO OIC Dr. Cielo Angela Ante sa patuloy na pag-agapay ng Provincial DOH Office (PDOHO) at pakikiisa ng Municipal Health Officers (MHOs) ng bawat bayan at lungsod, SB/SP Members on Health, Provincial/Municipal/City Accountants, PHILHEALTH at iba pang stakeholders nito, inaasahang mas mapabibilis ang kapasidad ng lalawigan na maging kwalipikado sa UHC.

Binigyang diin naman ni Governor Bonz sa kanyang mensahe ang kahalagahan ng pagkakaroon ng unified governance sa local health system sa kabuuan ng lalawigan. Nanawagan ang gobernador na ipagpatuloy ang pagsasama-sama ng lahat ng mga lider sa lokal na pamahalaan lalo pa't kapakanan ng kalusugan ng lahat ng mamamayan ang nakasalalay dito. Pinasadahan din ng Ama ng Lalawigan ang mga teknikal na usaping nakapaloob sa malawakang programang ito ng pamahalaan na batid niyang mahalagang maisakatuparan dahil ito aniya, ang magiging behikulo sa minimithing benepisyo ng UHC.



Matatandaang ding kaakibat nito ang patuloy na inisyatiba ng kanyang administrasyon ukol sa tuluy-tuloy na mga ipinapatupad na programang pangkalusugan sa tulong na rin ng kanyang personal na pakikipag-ugnayan sa Pamahalaang Nasyunal, paglalagay ng maraming bilang ng permanent health workers at iba pang mahahalagang programa at proyekto sa sektor na ito.

Hindi naman maikakailang sinisikap niyang maiangkop at maisabay sa kasalukuyang panahon ang nararapat na serbisyong dapat makuha ng lahat ng Oriental Mindoreños. Kaugnay pa nito, naibahagi rin niya ang mga personal na karanasan at ikinumpara rin ang ilang sistema sa kanyang nabisitang bansa na nais din niyang pagsikapang mangyari sa lalawigan. Nagagalak naman aniya, siya, sa patuloy na pag-usad ng mga achievements ng lalawigan ukol sa paghahanda sa magiging implementasyon ng UHC na patuloy na pinagsisikapang abutin ng pamunuan ng sektor ng kalusugan sa tulong ng Department of Health (DOH).

Sinabi pa niyang marapat na may sapat na pag-unawa ang lahat ng pinuno sa ehekutibong sangay ng bawat lokal na pamahalaan sa mga panukalang nakapailalim sa UHC gayundin, ang sapat na kaalaman sa financial, managerial at technical integration ng programa.

Sa kanyang mensahe, kinilala at pinasalamatan naman ni Vice-Governor Ejay Falcon ang patuloy aniyang pagsasakripisyo at pagsisikap ng PHO at ni Governor Bonz na makatulong sa pagtataguyod ng mabuting kalusugan ng mamamayan. *"Huwag po tayo magsawa na tumulong sa ating mga kababayan."* Sinabi rin ng Bise-Gobernador na maaasahan aniya pa, ang suporta ng Sangguniang Panlalawigan sa pagpapasa ng mga napapanahon at makabuluhang ordinansang may kinalaman sa pag-aangat ng antas ng mga programang pangkalusugan para sa kapakanan nang lahat ng mamamayan lalo na ang may kaugnayan sa UHC.

Samantala, tampok ang naging paglagda sa pledge of commitment ng lahat ng stakeholders nito at sa isang kasunduan ng ehekutibong sangay ng lokal na pamahalan na simbolo ng sama-samang pwersa sa pagsusulong nito. Dahil nauna na ang Oriental Mindoro na maging target implementation site ng programang UHC sa rehiyon, inaasahan namang una ring makikinabang ang mga Oriental Mindoreño. (PIO Calapan)

# MAYOR MALOU, BUMISITA SA CALAPAN CITY DISTRICT JAIL

MATAPOS MAKAUSAP si JCINSP David M. Jambalos nitong ika-24 ng Enero, personal na bumisita si Mayor Marilou Flores – Morillo sa Calapan City District Jail, ika-25 ng Enero.

Nais ng Punong Lungsod na personal na makita ang sitwasyon ng mga mga bilanggo at ang estado ng mga pasilidad sa City District Jail. Inilibot siya ni JCINSP Jambalos sa buong gusali ng kulungan at pinakita ang mga selda, kusina, opisina at ang mga kwartong ginagamit para sa kanilang mga pagsasanay.

Sa kasalukuyan, nasa 203 na ang bilang ng mga preso doon at tila unti-unti nang sumisikip ang mga selda para sa kanila. Nakita naman ni Mayor Morillo ang kakulangan ng mga higaan at ang ilan pa nga ay sa sahig na natutulog.

Bilang tugon, ipinaabot ni Mayora na gagawin niya ang lahat ng kaniyang makakaya upang madagdagan ang mga higaan at mapasaayos pa lalo ang mga pasilidad sa City Jail.

Ikinalugod din niya na napakadisiplinado ng mga inmates kaya naman aniya, *"Ipagpatuloy ninyo ang pagbabago at pagpapakabait ninyo dito sa loob, at titingnan ko kung ano ang aking magagawa para makulungan kayo".*



Para sa Punong Lungsod, maging ang kapakanan ng mga nakabilanggo ay dapat ding pagtuunan ng pansin upang mas maigiya sila sa tamang daan (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 11 Jan. 23, 2023 - Jan. 29, 2023

ELEVEN-ELEVEN MINI MART
NAUTICAL HIGHWAY SAPUL , CALAPAN CITY, ORIENTAL MINDORO

# *Tulong Para sa Isa sa Mga Apektado ng Pagbaha*

SI NANAY EDLYN BERNADINO, 43 taong gulang ng Barangay Bacungan Pola ay isa lamang sa maraming mga pamilya na napagkalooban ng maagap na ayuda ng Pamahalaang Panlalawigan noong Enero 29.

Batid nyang hindi man ito masasabing malaking tulong para sa kanila dahil maraming mga naapektuhan ng baha na dapat tulungan ngunit binibigyang halaga aniya, niya ang inisyatiba ng personal na pagtungo sa kanilang barangay ni Governor Bonz Dolor at Vice -Governor Ejay Falcon upang tingnan ang kanilang totoong kalagayan. Higit pa ito sa kanilang matatanggap dagdag pa niya dahil napatunayan niya ang tapat at sinseridad na paglilingkod ng dalawang pinakamataas na lider ng lalawigan.

Naikwento rin niya ang hirap na kanilang pinagdaraanan na pinatindi pa ng nararanasang pagbaha.

Sa kabila nito, nagsisikap sila ng kaniyang asawa na gawin ang nararapat upang maitawid ang kanilang pang araw-araw na pangangailangan lalo na ang pag-aaral ng kanilang apat na anak.

Nagagalak naman daw siyang marinig mula kay Governor Bonz na hindi lang pala simpleng ayuda ang dala nito at ipagkakaloob sa kanila kundi mga nakalinyang proyekto sa kanilang barangay lalo na ang kalsada na isa sa pangunahing problema nila ay masu-solusyonan na. Salamat din aniya sa Pamahalaang Bayan ng Pola dahil tinutulungan sila at pinaplano ng maaayos kasama ang Kapitolyo para sa kaukulang sagot upang hindi na magpaulit-ulit ang pagbahang kanilang nararanasan. (PIO Calapan)



